

KABILANG SA MGA PAUNAWA ANG:

- PAUNAWA SA DELINGKUWENSIYA SA PAGBABAYAD AT NAPIPINTONG PAGPUTOL
 - Palaging ipinapadala sa address ng customer ang ang isang paunawa. Kung ang address ng customer ay naiiba sa address na mayroong napipintong pagputol ng serbisyo, kailangang magpadala ng pangalawang paunawa sa address na mayroong napipintong pagputol ng serbisyo at nakapangalan sa "occupant."
- HULING PAUNAWA SA DELINGKUWENSIYA SA PAGBABAYAD SA SERBISYO AT NAPIPINTONG PAGPUTOL

Mga Tala:

- Ibigay ang mga paunawa sa mga wikang English, Spanish, Chinese, Korean, Vietnamese at Tagalog. Bilang karagdagan, dapat ipagkaloob ang mga ito sa anumang ibang wikang sinasalita ng 10 porsiyento o higit pa sa mga customer na sa loob ng service area ng urban at community water system. (*tingnan ang SB 998 §116922*).
- Hindi kabilang sa ibaba ang mga nakahiwalay na paunawa kapag hindi ma-contact ng District ang consumer. Kapag nabigo ang District na ma-contact ang consumer sa pamamagitan ng telepono o kapag bumalik ang ipinadalang sulat, kailangang magpaskil ang District ng kopya ng PAUNAWA SA DELINGKUWENSIYA SA PAGBABAYAD AT NAPIPINTONG PAGPUTOL na nakapangalan sa "occupant" pati na rin ng kopya ng Patakaran ng District sa Pagtigil sa Residensyal na Serbisyo ng Tubig Dahil sa Hindi Pagbabayad sa isang hayag na lokasyon sa tirahang mapuputulan ng serbisyo ng tubig.

[THIS PAGE DOES NOT NEED TO TRANSLATED]

PAUNAWA SA DELINGKUWENSIYA SA PAGBABAYAD AT NAPIPINTONG PAGPUTOL
PUPUTULIN ANG SERBISYO NG TUBIG
10-Araw na Paunawa

Petsa ng Paunawa _____	Pangalan ng Customer: _____
Petsa ng Pagputol _____	Account Number: _____
Address ng Pagputol sa Serbisyo _____	Address ng Customer: _____
_____	_____
_____	_____

Halaga ng Delingkuwensiya: _____
Late Charge: _____
Total Outstanding Balance ng Account: _____

Ang serbisyo ng tubig sa address na nakatala sa itaas ay nakatakdang itigil sa petsa ng pagputol na nakatala sa itaas (ang "Petsa ng Pagputol") dahil sa hindi pagbabayad. Upang maiwasan ang kawalan ng serbisyo sa tubig, kailangan mong gawin ang isa sa mga sumusunod bago sumapit ang Petsa ng Pagputol: (a) bayaran ng buo ang delingkuwenteng halaga, kabilang ang anumang late fees at iba pang charges bago sumapit ang _____ p.m. ng Petsa ng Pagputol; (b) kung isa kang tenant at hindi nakabayad ng bill sa tubig ang iyong landlord, maaari kang maging customer na responsable sa account kung susundin mo ang mga hakbang na inilarawan sa ibaba; o (c) gumawa ng alternatibong kasunduan sa pagbabayad katulad ng nakatala sa ibaba.

Mga Tenant na Occupant (nalalapat lamang sa mga residensiyal na tenant):

Upang maiwasan ang kawalan ng serbisyo ng tubig bilang isang tenant, kailangan kang makipag-ugnay sa iyong landlord, property manager o property owner tungkol sa bayad sa bill ng tubig.

Gayundin, bilang isang tenant mayroon kang karapatang maging isang customer na responsable sa account. Gayunpaman, kung gagawin mo ito magiging responsable ka sa lahat ng bayarin sa tubig na gagamitin sa property na ito sa hinaharap. Kung natutugunan mo ang aming mga rekisito upang maging isang bagong customer at sumasang-ayon ka na susundin mo ang aming mga tuntunin at regulasyon, na maaaring kabilang dito ang pagbabayad ng deposito, magpapatuloy ang serbisyo ng tubig nang hindi mo kinakailangang bayaran ang kasalukuyang outstanding balance.

Tumawag sa aming customer service representative sa _____ upang malaman kung paano magpapatuloy ang serbisyo ng tubig sa iyong address, tumanggap ng tinantiyang buwanang halaga ng serbisyo sa tubig at makuha ang address ng aming opisina na kung saan makakausap mo nang personal ang aming customer service representative.

Pag-request ng Extension o Alternatibong Kasunduan sa Pagbabayad:

Bilang isang consumer, mayroon kang karapatan na humingi ng mga alternatibong kasunduan sa pagbabayad hinggil sa kasalukuyang balanse ng account, na ipagkakaloob namin ayon sa aming mabuting pagpapasiya. Upang maging kwalipikado sa mga alternatibong kasunduan sa pagbabayad, kailangan mong magbigay ng katibayan na natutugunan mo ang **lahat ng tatlo** sa mga sumusunod na rekisito bago sumapit ang Petsa ng Pagputol:

- (1) **Mga Kundisyong Pangkalusugan** – kailangan mong magbigay ng sertipikasyon mula sa isang primary care provider na nagsasabing ang pagputol sa serbisyo ng tubig ay magdudulot ng panganib sa buhay, o magbabanta sa kalusugan at kaligtasan ng, sinumang tao na nakatira sa property;
- (2) **Kakulangang Pinansiyal** – kailangan mong patunayan na wala kang pinansiyal na kakayahang magbayad sa pamamagitan ng: (a) pagpresenta ng dokumentong nagpapakita na sinumang miyembro ng iyong sambahayan ay kasalukuyang resipiente ng isa sa mga sumusunod na benepisyo: CalWORKS, CalFresh, general assistance, MediCal, SSI/State Supplementary Payment Program o California Special Supplemental Nutrition Program for Women, Infants and Children; o (b) pagdeklara na ang taunang kita ng iyong sambahayan ay mas mababa sa 200% ng federal poverty level; at
- (3) **Mga Alternatibong Kasunduan sa Pagbabayad** – kailangan mong ipahayag ang iyong kagustuhang pumasok sa isang amortization agreement, alternative payment schedule o isang plano para sa deferred o reduced payment.

Kailangang isumite ang dokumentasyon sa aming opisina. Upang makapagbigay ng sapat na panahon sa pagproseso ng mga request sa alternatibong pagbabayad, kailangan mong ibalik ang lahat ng kinakailangang dokumento sa lalong madaling panahon.

Kapag natanggap namin ang patunay ng kwalipikasyon sa loob ng takdang panahon at pagkatapos ng kumpirmasyon nito, agad kaming makikipag-ugnay sa iyo upang hilingin ang anumang kinakailangang karagdagang impormasyon o upang ipaalam sa iyo ang alternatibong kasunduan sa pagbabayad, at mga kaukulang termino, na kung saan napili ka na lumahok. Kabilang sa mga posibleng alternatibong kasunduan sa pagbabayad na maaari naming piliin, ayon sa aming mabuting paghuhusga, ang mga sumusunod: (1) amortisasyon ng hindi bayad na balanse; (2) alternatibong schedule ng pagbabayad; (3) parsiyal o buong pagbabawas ng hindi bayad na balanse; o (4) pansamantalang pagpapaliban ng pagbabayad.

Proseso ng Bill Review at Apela:

Kung walang naunang apela o kahilingan para sa pagsusuri ng bill, maaari kang humiling ng apela o pagsusuri sa bill na kaugnay ng paunawang ito kung sa palagay mo ay mayroong pagkakamali sa bill hinggil sa dami ng pagkonsumo ng tubig na nakalagay sa bill na iyon. Kailangang nakasulat ang mga apela at kahilingan sa pagsusuri at nakalaki ang mga dokumentong sumusuporta sa apela o dahilan ng pagsusuri. Kailangang maipadala sa aming opisina ang lahat ng apela o kahilingan sa pagsusuri sa loob ng (5) business days mula sa petsa ng paunawang ito.

Pagkatanggap namin sa apela o kahilingan sa pagsusuri, maglalabas ng desisyon ang aming General Manager o ang kanyang inatasang kawani hinggil sa katumpakan ng mga charge sa tubig at bibigyan ka ng nakasulat na buod ng desisyon. Kung napatunayang hindi wasto ang mga charge, maglalabas ng winastong invoice at maaaring bayaran ang mga rebisadong charge sa loob ng (10) calendar days mula sa petsa ng rebisadong invoice. Ang mga charge na napatunayang wasto ay kailangang bayaran sa loob ng (2) business days pagkatapos maglabas ng desisyon ang General Manager o ang inatasang kawani nito. Maaari kang umapela sa desisyong iyon sa aming Board of Directors. Upang mag-file ng apela sa Board of Directors, kailangang nakasulat ito at ipadala sa aming opisina sa loob ng (7) calendar days mula nang ilabas ang paunang desisyon ng General Manager o ang inatasang kawani nito. Ang kasunod na apela ay pag-uusapan sa susunod na regular na pagpupulong ng Board of Directors, maliban kung mayroong napagkasunduang ibang petsa.

Available ang hard copy ng aming Patakaran sa Pagtigil sa Residensyal na Serbisyo ng Tubig Dahil sa Hindi Pagbabayad. Makikita rin ito sa internet sa _____ .com.

HULING PAUNAWA SA DELINGKUWENSIYA SA PAGBABAYAD SA SERBISYO AT
NAPIPINTONG PAGPUTOL
PUPUTULIN ANG SERBISYO NG TUBIG
5-Business Days na Paunawa

Petsa ng Paunawa: _____

Petsa ng Pagputol: _____

Pangalan ng Customer: _____

Account Number: _____

Address ng Napipintong Pagputol sa Serbisyo

Nakatakdang putulin ang serbisyo ng tubig sa address na ito sa loob ng (5) business days dahil sa isa sa mga sumusunod na kadahilanan:

- (a) Nabigo ang customer na sumunod sa isang kasunduan sa amortisasyon, alternatibong schedule ng pagbabayad, o plano ng pinagpaliban o binawasang pagbabayad para sa mga delingkuwenteng bayarin sa loob ng 60 araw o higit pa; o
- (b) Habang nasa ilalim ng kasunduan sa amortisasyon, alternatibong schedule ng pagbabayad, o plano ng pinagpaliban o binawasang pagbabayad para sa mga delingkuwenteng bayarin, nabigo ang customer na bayaran ang kanyang kasalukuyang residential service charges ng 60 araw o higit pa.

Mga Tenant na Occupant (nalalapat lamang sa mga residensiyal na tenant):

Upang maiwasan ang kawalan ng serbisyo ng tubig bilang isang tenant, kailangan kang makipag-ugnay sa iyong landlord, property manager o property owner tungkol sa mga delingkuwensiyang tinukoy sa itaas.

Gayundin, bilang isang tenant mayroon kang karapatang maging isang customer na responsable sa account. Gayunpaman, kung gagawin mo ito magiging responsable ka sa lahat ng bayarin sa tubig na gagamitin sa property na ito sa hinaharap. Kung natutugunan mo ang aming mga rekisito upang maging isang bagong customer at sumasang-ayon ka na susundin mo ang aming mga tuntunin at regulasyon, na maaaring kabilang dito ang pagbabayad ng deposito, magpapatuloy ang serbisyo ng tubig nang hindi mo kinakailangang bayaran ang kasalukuyang outstanding balance.

Tumawag sa aming customer service representative sa _____ upang malaman kung paano magpapatuloy ang serbisyo ng tubig sa iyong address, tumanggap ng tinantiyang buwanang halaga ng serbisyo sa tubig at makuha ang address ng aming opisina na kung saan makakausap mo nang personal ang aming customer service representative.